
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**




# MODYUL 5

# ANG PAGSIBOL NG IMPERYONG ROMANO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 5**

**ANG PAGSIBOL NG IMPERYONG ROMANO**



Sa panahong sumisibol ang sibilisasyong Griyego, isang maliit at natatanging estado sa gitna ng Italya ang Roma. Bagamat maliit, hindi ito nagtagal bilang isang lungsod-estado. Sa pagsapit ng A.D. 200, halos lahat ng mga lupaing nakapaligid sa karagatang Mediterranean ay kanyang nasakop. Naitatag ang isang malawak na Imperyong Romano.

Ang mga lupaing nasakop at napasailalim sa kapangyarihan ng mga Romano ay nakinabang nang lubos. Kaakibat ng naging pagsakop ay ang kapangyarihan, kaunlaran, at kaayusan. Lumaganap nang husto ang kulturang Romano sa mga lupaing ito.

Subalit walang imperyo na nanatili habambuhay. Matapos ang mahabang panahon ng pamamayagpag, bumagsak din ang imperyo noong AD 476.

Ang kahusayan ng mga Griyego ay nakita sa pamumulaklak ng sining at agham. Samantala, ang mga Romano ay mas praktikal na mga tao. Nanguna sila sa batas at pamahalaan at naging mahuhusay din silang inhinyero. Mula sa Imperyong Romano, kinilala ang relihiyong Kristiyanismo. Sa katunayan, hanggang sa kasalukuyan ang Roma pa rin ang sentro ng pananampalatayang Kristiyano sa buong daigdig.

Sa modyul na ito, matutunghayan mo ang pinagdaanang sibilisasyon ng Roma at ang mga impluwensiya ng sibilisasyong ito sa kultura, relihiyon at pulitika ng iba't ibang bansa sa daigdig.



May limang araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Sinaunang Roma
- Aralin 2: Pagpapalawak ng Imperyong Romano
- Aralin 3: Ang Krisis sa Republika
- Aralin 4: Ang Pamumuhay sa Imperyong Romano
- Aralin 5: Ang Pagbagsak ng Imperyong Romano at ang Paglaganap ng Kristiyanismo

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang sibilisasyon ng Sinaunang Roma;
2. Matatalakay ang mga pangyayaring nagbigay daan sa paglawak ng Imperyong Romano;
3. Masusuri ang mga naging krisis sa Republikang Romano;
4. Mailalarawan ang Imperyong Romano at ang mga namuno dito;
5. Maibibigay ang mga kadahilanan ng pagbagsak ng Imperyong Romano;
6. Maipapaliwanag kung paanong lumaganap ang Kristiyanismo sa lupain ng mga Romano; at
7. Mapahahalagahan ang naiambag ng Imperyong Romano sa daigdig.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pinakaunang pangkat ng tao na nanirahan sa Italya:
   A. Latins
   B. Hittites
   C. Lydians
   D. Sumerians

2. Pangkat ng tao mula sa Asya Manor na sinasabing lubos na nakaimpluwensya sa pamumuhay ng mga Romano:
   A. mga Babylonian
   B. mga Mesopotamian
   C. mga Phoenician
   D. mga Etruscan

3. Ang kapangyarihan ng pamahalaang ito ay nasa kamay ng mga pinunong inihalal ng mga mamamayan.
   A. Monarkiya
   B. Oligarkiya
   C. Republika
   D. Estado

4. Sila ang mga karaniwang tao
   A. Plebeians
   B. Patricians
   C. Urban poor
   D. Elite

5. Bumubuo ng 300 konseho ng mga patricians:
   A. Mababang Kapulungan
   B. Senado
   C. Punong-lungsod
   D. Kagawaran

6. Unang talaan ng mga nakasulat na batas ng mga Romano
   A. Kodigo ng Hamurabbi
   B. Konstitusyon
   C. *Twelve Tables*
   D. Sampung Utos

7. Ang mga digmaang Punic ay naganap sa pagitan ng Roma at ng:
   A. Sicily.
   B. Corsica.
   C. Sardinia.
   D. Carthag

8. Isang dakilang Heneral na Carthaginian:
   A. Hannibal
   B. Attila
   C. Sargon
   D. Darius

9. Ang pamilyang nagsagawa ng mga reporma upang sagipin ang humihinang Republika:
   A. Tiberius
   B. Caesar
   C. Gracchus
   D. Julian

10. Ang namuno sa pag-aalsa ng mga alipin noong 73 BC:
    A. Mga Spartans
    B. David
    C. Moses
    D. Abraham

11. Binuo nina Gracens Pompey, Marcus Licinus Crassus, at Julius Caesar
    A. *First Triumvirate*
    B. *Second Triumvirate*
    C. *Assembly of Tribes*
    D. *Ides of March*
    E.

12. Kinilala bilang Augustus:
    A. Mark Anthony
    B. Brutus
    C. Lepidus
    D. Octavian

13. Lumaganap ito sa Roma noong Pax Romana.
    A. kapayapaan
    B. demokrasya
    C. digmaan
    D. pananakop

14. Pinakahuli sa mga mabubuting emperador:
    A. Hadrian
    B. Trojan
    C. Marcus Aurelius
    D. Nerva

15. Ang may-akda ng Iliad at Odyssey:
    A. Levy
    B. Homer
    C. Horace
    D. Virgil

16. Ang kabisera ng Imperyong Romano sa silangan:
    A. Syria
    B. Egypt
    C. Constantinople
    D. Adrianople

17. Ang labanan sa Adrianople ay sa pagitan ng dalawang pangkat na ito.
    A. Romano at Visigoth
    B. Romano at Hun
    C. Romano at Ostrogoth
    D. Romano at Vandals

18. Ang matapang na heneral ng mga Hun:
    A. Theodoric
    B. Diocletian
    C. Odoacer
    D. Attila

19. Ang relihiyong hango sa buhay at aral ni Hesus :
    A. Hinduism
    B. Judaism
    C. Kristiyanismo
    D. Zoroastrianism


20. Noong 380 BC, hinirang niya ang Kristiyanismo bilang opisyal na relihiyon ng Imperyong Romano:
    A. Constantinople
    B. Theodosius
    C. Peter
    D. Paril

**ARALIN 1**

**SINAUNANG ROMA**



Ang sibilisasyong Romano ay nagsimula sa makitid at hugis botang tangway ng Italya.Tulad ng Gresya, ang Roma ay napapaligiran rin ng karagatang Mediterranean, bagamat mas mainam ang lokasyon nito sapagkat ito ay nasa gitna ng Italya. Ang Italya naman ay nasa gitna rin ng Mediterranean. Dahil dito, naging sentro ng kalakalan sa buong Italya ang Roma.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maituturo ang Italya sa mapa ng Europa at ang Roma sa mapa ng Italya;
2. Matatalakay ang pag-usbong ng pamayanang Roma; at
3. Makikilala ang mga katangian ng mga Plebeian at Patrician bilang tagapamahala ng sinaunang Roma.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Ituro sa mapa ng Europa ang Italya. Markahan ng pulang bolpen o krayola ang hugis at hangganan ng italya.



B. Masdan ang kinalalagyan ng Roma sa mapa ng Italya. Paano nakaapekto ito sa pamumuhay ng mga tao roon.




Pagkatapos mong gawin ang mga gawaing ito, mas higit mong mauunawaan ang nilalaman ng aralin. Handa ka na ba?

**Sinaunang Pamayanan ng Italya at Ang Heograpiya Nito**

Sa habang 1120 kilometro at lapad na 240 kilometro, ang Italya ay umaabot sa Timog ng Europa patungo sa Aprika at hinahati ang karagatang Mediterranean sa silangan at kanlurang bahagi. Mula sa nakapagitnang lokasyon nito, naging napakadali para sa mga Romano na pamahalaan ang kabuuan ng mga lupain sa Mediterranean.

Marami pang mga pangheograpiyang katangian ang Italya na nakatulong sa pag-unlad nito tulad ng mga kabundukan na bumabalot sa kabuuan ng tangway. Ang Bundok Alps sa hilaga ang siyang naghihiwalay sa Italya sa kabuuan ng Europa. Ang bulubundukin naman ng Apennines ay matatagpuan mula hilaga hanggang timog ng bansa. Ang lupa ay mataba at angkop na angkop sa pagtatanim. Dahilan sa mahalumigmig at mamasa-masang klima nito, ang mga magsasaka ay nakapagtatanim ng iba't ibang butil, gulay, olives, at iba pang mga prutas. Samantala, ang pag-aangkat

at pagpapasok ng mga produkto ay hindi naging madali dahilan sa limitado nitong daungan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga sasakyang panlupa ang pangunahing gamit sa paglalakbay at kalakalan. Ang pangyayaring ito ay nakatulong upang magkaisa at magkalapit ang iba't ibang rehiyon ng Italya. Di nagtagal, ang mga nagkakaisang rehiyon ay napailalim sa iisang pamahalaan.

Ilang libong taon mula 2,000-1,000 BC, ang Italya ay sinakop ng mga Indo-European na sinasabing may kaugnayan sa mga Mycenaean ng Gresya. Ang mga mananakop na ito ay nagtayo ng mga pamayanan at nagsaka ng mga lupang sakahan. Isa sa mga pangkat ng Indo-European ay tinawag na mga ***Latin*** sapagkat sila ay nagtayo ng mga pamayanan sa kapatagan ng ***Latium.*** Sila ang naging ninuno ng mga Romano.

Pagkatapos ng ilang daang taon, iba pang pangkat ng tao ang dumating sa Italya. May mga tao mula sa Asya-Minor ang nagtayo ng pamayanan sa hilaga ng mga pamayanan ng mga Latin. Sila ang mga ***Etruscan.*** Samantala, ang mga Griyego ay nagtayo din ng kanilang pamayanan sa katimugan ng Italya at sa dulong bahagi ng Isla ng Sicily. Ang mga Etruscan at Griyego ay nagkaroon ng malapit na ugnayang pangkalakalan at nagbigay daan upang maipamana nila ang kanilang kultura sa mga Latin.

Malaki ang naging impluwensya ng kulturang Griyego sa pamumuhay ng mga Latin. Maging ang sining nila ay makakakitaan ng impluwensyang Griyego.

**Pag-usbong ng Republikang Romano**

Pagsapit ng 800 BC, maraming pamayanan ng mga Latin sa gitnang bahagi ng Italya ang nagsama-sama sa isang pamayanan na tinawag na ***Roma***. Nakontrol ng mga Romano ang Ilog ng Tibes na ruta ng kalakalan mula hilaga hanggang timog ng tangway ng Italya.

Ang mga Etruscans, sa pamumuno ng pamilyang tinatawag na ***Tarquins,*** ay nagtatag ng monarkiya sa Roma. Ginawa nilang pinakamayaman at pinakamalaking lungsod-estado ng Italya ang Roma. Sa gitna ng lungsod ay itinayo ang ***forum*** o pamilihan. Bagamat maraming natuhunan mula sa mga Etruscans ang mga Romano dumating din ang panahon na ninais nilang lumaya kaya't noong 509 BC, itinaboy nila

ang Tarquins at itinatag ang isang ***Republika* –** isang uri ng pamahalaan kung saan ang pinuno ay inihahalal ng mga mamamayan.

**Ang mga Plebeian at Patrician**

Di tulad ng Athens na isang demokratiko, sa Republikang Romano ang namuno ay mga aristokrata. Lahat sila ay nagmula sa mga mayayamang may-ari ng mga lupa na tinatawag na ***patrician.*** Bagamat sampung porsiyento lamang ng kabuuang populasyon ang mga patrician, nasa kamay nila ang halos lahat ng pangunahing posisyon sa pamahalaan at nagtamasa sila ng mas maraming karapatan. Karamihan naman sa mga Romano ay mga ***plebeians.*** Sila ay mga karaniwang taona angmula sa mayamang mamamayan, negosyante, artisano, magsasaka hanggang sa mga manggagagawa. Bilang mamamayan sila ay nagbabayad ng buwis at naglilingkod sa sandatahan ngunit hindi kapantay ng mga tinamasang karapatan ng mga patrician ang kanilang tinaasang karapatan.

**Ang Pamamahala ng Republika**


May maayos na takbo ng pamamahala ang pamahalaang Romano. May tagapagpaganap (*Executive*) at tagapagbatas (*Legislative*). May dalawang patrician na tumatayong tagapagpaganap. Sila ang nagangasiwa sa pamahalaan at sa hukbong sandatahan. Sila ay inihalal sa tungkulin at may terminong isang taon upang makapaglingkod. Sa mga kamay nila nakasalalay ang kapangyarihan ng buong Roma. Maaari rin nilang ***i-veto*** o di tanggapin ang desisyon ng bawat isa. Kinakailangang magkasundo sila sa mga pangunahin at kritikal na desisyon. Sa panahon ng krisis, maaari silang pumili ng ***diktador*** mula sa mga pinagkakatiwalaang opisyal ng pamahalaan. May anim na buwan lamang na termino ang mga diktador o hanggang di natatapos ang krisis. Sa ganitong pamamaraan, napipigilan ang ganap na kapangyarihan ng mga diktador at napangangalagaan ang demokrasya.

Ang tagapagbatas ay bumubuo ng 300 kinatawan. Ang pinakamakapangyarihan ay ang ***senado.*** Ang 300 kinatawan ay mula sa mga patrician. Sila ay inihalal at may

terminong panghabambuhay. Tinatawag silang ***senador.*** Ang pangunahing gawain nila ay ang magbigay ng payo sa consul, maghain ng batas, at magtalakay ng mga patakarang panlabas.


Hindi lahat ay sumang-ayon sa ganitong pamamahala. Noong 471 BC, ang mga Plebeians ay nagdesisyon na hindi na sila maglilingkod sa hukbong sandatahan ng Roma, bagkus ay magtatatag ng sarili nilang lungsod-estado. Ito ay upang maiwasan ang digmaang sibil at mapanatili ang kapayapaan. Sumang-ayon ang mga patrician sa ilang nais ng mga Plebeian. Isa na rito ay karapatang pumili ng sampung pinuno nila sa kanilang hanay na tatawaging ***tribunes*** na siyang magsusulong ng kanilang interes sa pamahalaan. Ang mga tribunes ay maaaring mag-veto ng ano mang desisyon ng consul o ng iba pang namumuno. Dahilan sa karapatang mag-veto, napangangalagaan ng mga Plebeian ang kanilang sariling interes laban sa mga patrician. Nagkaroon din ang mga Plebeian ng kanilang sariling asembleya na kinilala bilang ***Assembly of Tribes.*** Pagsapit ng 287 BC, isa na itong pangunahing tagapagbatas sa Roma.

Sa simula ng Republika, ang mga batas ng Roma ay di nakasulat. Ang mga patrician ang may kontrol sa batas at ipinaalam lamang ito sa mga Plebeians. Pagsapit ng 451 BC, pinagbigyan ng mga patrician ang kanilang hiling. Ang mga batas ng Roma ay inukit sa mga tabletang tanso at inilagay sa forum upang mabasa ng lahat. Ito ay tinawag na ***Twelve Tables*** na siyang naging batayan ng iba pang batas sa Roma noong mga sumunod na panahon. Kasabay nito, bumuti rin ang katayuan ng mga plebeian. Pinayagan na silang makapag-asawa ng patrician at maglingkod sa mga pampublikong tanggapan. Pagsapit ng 287 BC, pantay na ang karapatang tinatamasa ng mga patrician at Plebeian. Ngunit, hindi maipagkakaila na ang kapangyarihang pulitikal ay nasa kamay pa rin ng mga patrician at ilang mayayamang plebeian. Patunay ito na ang republika at ang senado ay nasa kapangyarihan pa rin ng iilang mamamayan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Magtala at paghambingin mo ang mga tungkulin at karapatan ng mga patrician at plebeian. May magkakatulad ba silang tungkulin? Kung mayroon, ilagay ito sa tamang sa *Venn Diagram*.






**Tandaan Mo!**

- Noong 509 BC, pinabagsak ng mga Romano ang kapangyarihan ng monarkiyang Etruscan at sila ay nagtatag ng isang Republika.
- Pagsapit ng 471 BC ang mga Plebeian o mga karaniwang mamamayan ay nag-alsa laban sa mga patrician upang mapabuti ang kanilang katayuan at noong 287 BC may pantay na karapatan na ang mga Plebeian at patrician.
- Mula sa Republikang Romano nagsimula ang pagkakaroon ng mga pormal na sangay ang pamahalaan gaya ng tagapagpaganap (*executive*) at tagapagbatas (*legislative*). Nanggaling sa pamahalaang Romano noong panahong ito ang mga konsepto ng republika at senador na sinusunod pa maging sa kasalukuyan panahon.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Sa ating kasalukuyang panahon, may mga senador ba na maituturing na patrician o plebeian? Magtala ng mga katangian ng mga senador na patrician at mga senador na plebeian base sa iyong nababasa o naoobserbahan sa Senado ng Pilipinas. Gamitin mo ang talahanayan sa pagbuo ng iyong sagot.

| Katangian ng Senador na Patrician | Katangian ng Senador na Plebeian |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

B. Kung ikaw ay boboto sa halalan para sa pagka-senador, kaninong katangian ang pagbabatayan mo, sa patrician o plebeian?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________


**ARALIN 2**

**PAGPAPALAWAK NG IMPERYONH ROMANO**



Habang patuloy na nagnanais ang mga Plebeian ng mas malaking kapangyarihan sa loob ng Republika, ang Roma ay patuloy na nagpalawak ng kaniyang nasasakupan. Pagsapit ng 265 BC nasa ilalim na ng kapangyarihan ng Roma ang kabuuan ng tangway ng Italya. Matutunghayan mo sa araling ito kung paano napalawak ng Roma ang kanyang imperyo.

Iginalang ng mga Romano ang mga lupaing kanilang nasakop. Nakipagkaibigan sila sa mga mamamayan nito. Hinayaan nilang manatili ang kanilang kultura at tradisyon, maging ang kani-kanilang mga batas. Ang tanging hiniling nila ay suportahan sila ng mga ito sa pamamagitan ng pagbubuwis at pagiging matapat na kaalyado ng Roma. Bilang kapalit, sila naman ay may proteksyon sa sandatahang lakas ng Roma. May ilan ding mga mamamayan ng lupaing nasakop ang naging mamamayan ng Roma. Ilan lamang iyon sa mga kaalamang ihahatid sa iyo sa araling ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mapatutunayan na ang malakas na hukbong sandatahan ang pinakamalaking salik sa pagiging matagumpay ng Roma;
2. Mailalarawan ang mga kaganapan sa una at ikalawang Digmaang Punic; at
3. Maipaliliwanag ang naging epekto ng tagumpay ng Roma sa Silangan at sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ituro sa mapa ang Carthage. Bakit mahalaga sa mga Romano na masakop ito?




## Ang Hukbong Sandatahan ng Roma

Dahilan sa ang mga mamamayang Romano at ang mga plebeian ay may boses sa pamahalaan, tapat sila rito. Ang mga matitipunong magsasaka ay mahuhusay na sundalo. Kaya nilang magmartsa ng 30 milya araw-araw at dala-dala ang 60 libra ng mga armas at iba pang suplay pandigma. Ang malakas na hukbong sandatahan ng Roma ang pangunahing dahilan ng pananagumpay nito sa Italya. Ang pagiging malakas ng sandatahan ay bunga ng pagkakaorganisa nito. Ang pangunahing yunit ay ***legions*** na binubuo ng mula 3,000 hanggang 6,000 sundalo na tinatawag na ***legionnaires.*** Sa pamamagitan ng mga legions, ang sandatahan ay mas malakas at mas mabilis makipaglaban. Kumpara sa mga Griyego kung saan ang mga phalanx ay kumikilos paurong lamang at pasulong, ang mga ***phalanx*** ng Romano ay mas magaling kumilos maging pakaliwa o pakanan sa mga labanan. Ang taktikang ito at ang labis na katapatan sa Roma ang pangunahing mga dahilan ng kanilang tagumpay. Sa loob ng

isang siglo, may ilan din labanan na sila ay natalo ngunit sa lahat ng digmaan na kanilang sinalihan sila ay nanalo. Sila na marahil ang pinakamalakas na hukbong sandatahan na nakilala sa kasaysayan. Dahil dito, naging mabilis ang pagpapalawak ng Imperyong Romano.

**Ang Unang Digmaang Punic**

Pagsapit ng 200 BC, isa na lamang ang kalaban ng Roma sa Mediterranean: ang Carthage na nasa hilagang Aprika. Ito ay dating kolonya ng mga Phoenician at naging kabisera ng isang malaking imperyong pangkalakalan na umaabot mula Espanya hanggang Sicily. Mula 264 hangang 241 BC, nagkaroon ng maraming digmaan sa pagitan ng Roma at Carthage upang makuha ang karapatan sa Sicily. Ang unang tatlong  digmaan ay kinilala bilang Digmaang Punic. Ang ibig sabihin ng Punic ay Phoenician. Ang Carthage ay itinatag bilang sentro ng kalakalan ng Phoenician. Simple ang naging dahilan ng kanilang alitan: natakot ang Carthage na makuha ng Roma ang Sicily. Ang Roma naman ay natakot na baka harangan ng Carthage ang kalakalan sa pagitan ng Italya at Sicily.



**Mga Guho sa Carthage**

Sinimulan ng Roma ang Unang Digmaang Punic nang may mas pinalakas na hukbong sandatahan, ngunit may mahusay sa digmaang pandagat ang mga Carthaginian. Kayat ginamitan ito ng mga Romano ng taktika at dali-dali silang gumawa ng mga barkong halos katulad ng mga barkong pandigma ng Carthage. Gamit ang mga barkong ito, ang Roma ay nanalo sa ilang labanan nila sa Carthage. Ngunit tumagal ito ng halos 20 taon bago tuluyang napabagsak ng Roma ang Carthage at nasakop ang isla ng Sicily. Nagbayad ng ***indemnity*** o bayad pinsala ang mga Romano.

**IKALAWANG DIGMAANG PUNIC**

Bumagsak nga ang Carthage ngunit hindi ito tuluyang nanahimik. Sa halip, ito ay nagpalawak pa ng kapangyarihan sa Espanya sa pamumuno ni Heneral Hamilcar Barca. Pagsapit ng 221 BC, ay nagkaroon ng mahusay na pinunong Carthaginian ang Espanya sa katauhan ni ***Hannibal***, isa sa pinakamahusay na heneral ng hukbong Espanya sa kanyang kapanahunan.

Noong 218 BC nilusob ni Hannibal ang Roma kasama ang sandatahang lakas na binubuo ng 4,000 sundalo at 50 elepante. Tinahak nila ang daan sa hilagang silangan ng Espanya at timog na bahagi ng Pransya at tinawid ang mayelong kabundukan ng Alps, kung saan maraming sundalo at elepante ang namatay dala sa napakalamig na klima.

Bagamat mas kaunti, natalo nina Hannibal ang mga sundalong Romano na sumalubong sa kanila sa naganap na ***Labanan sa Cannae*** sa timog silangan ng Italya. Nakarating ang mga Espanyol sa bukana ng Roma ngunit hindi nila ito pinasok. Umasa si Hannibal na makikipagkasunduan ang Roma sa kanila ngunit hindi ito nangyari. Habang nasa Italya ang hukbo ni Hannibal, nagkaroon ng ibang kaganapan. Nilusob ng isang sundalong Romano na nagngagalang Hen. Publius Scipio ang mga Carthaginian sa Espanya. Kung kaya't di sila nakapagpadala ng tulong kay Hannibal na noon ay nahaharap sa kabi-kabilang pakikipaglaban sa Italya. Noong 204 BC sinakop na rin ng mga Romano ang Hilagang Aprika.

Upang maipagtanggol ang kanilang lupain, bumalik si Hannibal sa Carthage ngunit siya ay natalo ni Scipio sa labanan sa Zama noong 202 BC. Ang pagkatalong ito

ang nagwakas sa ikalawang Digmaang Punic. Nanatili ang kalayaan ng Carthage ngunit nawala na ang kapangyarihan nito.


### Ang Ikatlong Digmaang Punic

Makalipas ang 50 taon pagkatapos ng ikalawang Digmaang Punic nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng Roma at Carthage. Sa mga panahong ito ay umunlad na muli ang Carthage. Bagamat wala ng pangambang maidudulot ang Carthage sa Roma, ang mga malalagim na alaala ng mga ginawa ni Hannibal ay patuloyn na nagsilbing bangungot para sa mga Romano. Ito ang naging dahilan upang naisin nila ang tuluyang pagkawasak ng Carthage. Kaya pagsapit ng 149 BC sinimulan nila ang ikatlong Digmaang Punic. Nagpadala sila ng mga sundalo sa Hilagang Aprika at nilusob ang Carthage. Sa loob ng tatlong taon, nagpatuloy sa pakikipaglaban ang Carthage bago tuluyang sumuko. Pagkatapos nito, sinunog ng mga Romano ang kabuuan ng Carthage at sinabuyan ng asin ang lupang sakahan nito upang tuluyan na itong mawalan ng pakinabang. Ang mga taong di namatay ay pinagbili bilang mga alipin. Napakalaking tagumpay ito sa Roma at nagkaroon sila ng ganap na kapangyarihan sa kanlurang Mediterrenean.

### Tagumpay sa Silangan

Hindi lamang ang mga Digmaang Punic ang sumubok sa lakas ng Roma. Habang nakikipaglaban sila dito, sila rin ay may nakikipagtunggali sa Helenistikong Silangan. Matapos ang marami-raming labanan, natalo nila ang mga Macedonian at noong 146 BC, naging probinsya ng Roma ang Macedonia.

Sumunod na nilusob ng Roma ay ang gitnang silangan. Noong 133 BC, napasailalim sa kapangyarihan ng mga Romano ang ***Kaharian ng Pergamum*** sa Asya. Bagamat nanatili ang kalayaan ng Ehipto at Syria, naging kaalyado ng Roma ang mga pamahalaang ito. Pagsapit ng 100 BC, nasakop na ng Roma ang halos lahat ng lupaing nakapaligid sa Mediterrenean.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Itala ang mga naging epekto ng mga Digmaang Punic upang mapatibay mo ang iyong kaalaman.

| Sa Roma | Sa Carthage |
|---|---|
| Unang Digmaang Punic<br>1. ____________________<br>____________________<br>2. ____________________<br>____________________ | 1. ____________________<br>____________________<br>2. ____________________<br>____________________ |
| Ikalawang Digmaang Punic<br>1. ____________________<br>____________________<br>2. ____________________<br>____________________ | 1. ____________________<br>____________________<br>2. ____________________<br>____________________ |
| Ikatlong Digmaang Punic<br>1. ____________________<br>____________________<br>2. ____________________<br>____________________ | 1. ____________________<br>____________________<br>2. ____________________<br>____________________ |



**Tandaan Mo!**

- Ang sandatahang lakas ng Roma at ang kahusayan nito ang pangunahing dahilan ng pananagumpay ng Roma sa Italya at sa paligid ng Mediterrenean sa Italya.
- Pakikidigma ang naging kasangkapan ng mga Romano upang itatag ang kanilang imperyo. Nagkaroon ng Tatlong Digmaang Punic sa panahon ng pagpapalawak ng Imperyong Romano.
- Ganap na napabagsak ng Roma ang Carthage noong 149 BC at sinunog ang kabuuan ng lupain ng mga Carthaginian.
- Pagsapit ng 100 BC nasa kapangyarihan na ng Roma ang halos lahat ng lupain sa paligid ng Mediterrenean.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sa iyong palagay, magiging makapangyarihan kaya ang mga Romano at maitatag ang kanilang imperyo kung hindi sila nagsulong ng mga digmaan? Sumulat ng dalawang talata na nagpapaliwanag ng inyong posisyon o opinyon.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________


______________________________________________________________________

**ARALIN 3**

**ANG KRISIS SA REPUBLIKA**



Habang lumalaki at yumayaman ang Republikang Romano, unti-unti rin itong nakaranas ng iba't ibang panloob na suliranin na yumanig sa pinkapundasyon nito. Oo nga't ang mga digmaang Roma ay nagbigay ng karagdagang lupain at kapangyarihan para sa Romano, nagdulot din ito ng maraming suliraning pulitikal at pangkabuhayan. Nagsikap ang mga pinuno na lutasin ang mga suliraning ito ngunit patuloy pa rin na humina at nawalan ng katatagan ang Republika. Matutuklasan mo sa araling ito ang mga pangyayari noong panahonh iyon.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang mga naging dahilan ng pagkakaroon ng krisis sa Republikang Romano;
2. Matutukoy ang naging pangunahing epekto ng krisis na ito para sa Roma at sa mga Romano;at
3. Matatalakay ang mga pamamaraang sinubukan ng mga pinuno upang binigyang lunas ang krisis sa Republika;



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Anu-ano ang mga suliraning maaring makapagdudulot ng krisis sa isang bansa? Magtala ng tatalo.

1. ______________________________________________________
   ______________________________________________________
2. ______________________________________________________
   ______________________________________________________
3. ______________________________________________________
   ______________________________________________________

## Ang Teritoryo

Bagamat hinayaan ng Roma ang mga lupaing nasakop nito na panatilihin ang kani-kanilang wika, relihiyon, batas, kultura at tradisyon, sila may tungkuling magbayad ng buwis at maging tapat sa kapangyarihang Romano.

Ginawang probinsya ng Roma ang karamihan sa mga kolonya nito, Sa simula ay di naging maayos ang pamahalaan sa mga probinsyang ito. Upang mapadali ang pagsasaayos, humirang ng mga Gobernador o ***Proconsuls*** ang mga Romano upang mamuno dito. Ngunit imbis na mkatulong marami sa mga *proconsul* ay nagpabaya sa kanilang mga tungkulin at may iba na tumanggap din ng suhol sa mga transaksyon ng pamahalaan. Kasabay nito, hinirang din ng mga Romano ang mga ***publician*** upang mangolekta ng buwis mula sa mga probinsyang ito. Upang sila rin ay makinabang sa mga nakolektang buwis tinaasan ng mga publician ang kanilang sinisingil sa mga mamamayan. Naging dahilan ito upang magalit ang mga mamamayan sa pamahalaan ng Roma, ngunit dahilan sa malakas at matatag na sandatahang lakas, napigil ang ano mang banta ng pag-aalsa. Unti-unti natanggap ng mga kolonya ang uri ng pamamahala ng mga Romano.

## Panlipunan at Pangkabuhayang Pagbabago

Halos nawasak ang ng Roma noong Ikalawang Digmaang Punic. Ang pananakop ni Hannibal sa Italya ay nagdulot ng malawakang pagkasira ng mga lupaing sakahan. Ang iba namang sakahan ay naiwanang nakatiwangwang habang nakikipaglaban sa digmaan ang mga may-ari nito. Nawalan ng mapagkakakitaan ang mga pamilya ng mga magsasaka kung kaya't napilitan silang ibenta ang kani-kanilang mga lupang sakahan sa mga Romanong yumaman sa panahon ng pananakop.

Sa panahon din ng pananakop nagkaroon ng kapangyarihan sa mga lupa sa probinsya ang pamahalaang Romano at pinaupahan ito sa mga mayayamang Romano. Di naglaon nagkaroon sila ng malalawak na lupain na tinatawag na ***Latifundias*** kung saan sari-saring butil ang itnanim at ibenenta sa Italya. Naging napakadali rin para sa mga mayayamang ito na humanap ng magsasaka sa kanilang lupain dahilan sa

napakaraming alipin ang handang magtrabaho sa murang sweldo lamang. Dahilan sa mababang, halaga ng produksyon mas mura nila naibebenta ang kanilang mga produkto. Ito ang naging dahilan kung bakit ang mga mahihirap na magsasaka sa Italya ay di makasabay sa kanilang pagbebenta sa murang halaga kung kaya't napilitan ang mga ito na huminto sa pagsasaka, nagbenta ng lupa at lumipat sa mga lungsod.

Sa paglipat ng mga magsasaka sa mga lungsod, lalong lumaki ang mga naging suliranin ng Republika. Naging masikip ang mga lungsod dahil sa paglaki ng populasyon doon. Maging sa Roma ay patuloy na nagdagsaan ang mga magsasaka na nagpalawig nang husto sa pagkakaiba ng uri ng pamumuhay ng mayayaman at mahihirap. Kasabay nito, lalong naging aktibo ang kalakalan sa mga probinsya na nagdulot ng lalong pagyaman sa mayayamanng Romano. Ang kapangyarihan sa ekonomiya ng Roma ay mapasakamay ng mga ***equites o grupo ng mga negosyante***. Maraming mga matatandang patrician at mayayamang plebeian ang naging abala sa pagpapayaman sa halip na isulong ang kapakanan ng Roma at ng mga karaniwang tao, kasama na ang mga libo-libong magsasaka at mga walang hanapbuhay na mga maralitang taga-lungsod.

**Ang Repormista**

Sa gitna ng krisis sa pamahalaan ng Roma noong panahon ng Republika, may mangilan-ngilan ding mayayamang Romano ang nababahala sa katayuan ng mga mahihirap. Para sa kanila, dapat na lunasan ang lumalalang sitwasyon bago pa man magbunga ito ng pag-aalsa. Para sa kanila ang pagpapahalaga sa disipilina, pagsasakripisyo at katapatan sa Republika ay dapat na ibalik upang makaiwas sa ano mang banta ng pag-aalsa.

Isa sa mga repormistang ito ay si ***Tiberius Gracchus,*** isang repormista at tagapagsutlong ng mapayapang pagbabago. Naging tribuno siya noong 133 BC at ipinasa niya ang mga batas na tutulong sa mga mahihirap sa pamamagitan ng mga bagong batas nalimitahan ang lupain ng mga mayayamang may-ari. Hindi sinang-ayunan ng mga mayayamang senador ang kanyang ginawang pagbabago at nang

muling tumakbo si Gracchus bilang tribune, nagkaroon ng madugong riot na ikinasawi niya at 300 pang kaalyado niya.

Makalipas ang sampung taon ang nakababatang kapatid ni Tiberius na si ***Gaius Gracchus*** ay nahalal bilang Tribune. Tulad ng kapatid niya, isinulong nito ang reporma sa lupa at pinarami ang bilang ng maliliit na magsasaka. Naging maayos ito sa kanyang dalawang termino bilang Tribune, ngunit tulad ng kanyang kapatid siya rin ay pinaslang ng kanyang mga kaaway sa isang madugong riot.

Nagpatuloy din ang kaguluhan sa republika na dulot ng lumalaking populasyon ng mga alipin. Noong 73 si Spartacus, isang alipin, ay nagdeklara ng digmaan upang palayain ang mga alipin sa Italya. Sa loob ng dalawang taon nagpatuloy ang labanan ng mga hukbo ng mga alipin at hukbong sandatahan ng Roma. Natigil lamang ito nang mapatay si Spartacus at 6000 pang ibang alipin sa sumama sa kanya.

**Pamumuno ng mga Heneral**

Nabigo ang lahat ng pagtatangkang magkaroon reporma. Nawalan na rin ng tiwala ang mga mahihirap sa pamahalaan. Nagsunud-sunod ang pag-aalsa ng iba't ibang grupo na labis na nagahina sa Republika. Sa panahon ng kaguluhan, nagkaroon ng pagkakataon ang mga heneral nang mamuno.

Noong 108 BC si ***Gaius Marius,*** isang tanyag na heneral, ay nagsimulang kumuha ng sundalong mula sa mga maralitang walang hanapbuhay. Kung noon, mga kalalakihan lamang na may-ari ng lupain at tapat sa Roma ang maaring maging sundalo sa sandatahang lakas, sa pagkakataong ito nagboluntaryo kay Marius ang mga mahihirap dahil pinangakuan niya sila ng pera at bahagi sa ano mang lupain na makukuha niya. Samakatuwid naging tapat sila kay Marius at hindi sa pamahalaan.

Si Marius ay may mahigpit na katunggali sa posisyon: si ***Sulla***. Sa loob ng anim na taon nagpalitan sila ni Marius sa pagiging heneral. Pagsapit ng 82 BC natapos na ang kanilang labanan kung saan si Sulla ang nagwagi. Di nagtagal itinanghal ni Sulla ang kanyang sarili bilang pang habambuhay na ***diktador*** ng Roma.

Maaaring naitanghal ni Sulla ang kanyang sarili bilang diktador ngunit di ito nagtagal sa kanyang puwesto. Si ***Pompey*** isang heneral, at si ***Crassus,*** isang pulitiko,

ang naipalit sa kanyang puwesto sa suporta ng batambatang si ***Julius Caesar.*** Noong 60 BC itinatag nina Pompey, Crassus, at Julius Caesar ang ***Triumvirate,*** isang pangkat na may talong pinuno na may magkakapantay na kapangyarihan.


Sa paglipas ng panahon, di nagkaisa ang Triumvirate. Si Julius Caesar na may malaking ambisyong pulitikal, ay nagsarili. Pinalakas niya ang kanyang hukbo sa ***Gaul*** (France na ngayon) at sinakop ito. Di nagtagal maging Britanya ay sinakop rin niya, kayat nasakop na nang ganap ng Roma ang hilagang bahagi ng Europa.

Noong 49 BC sa pagkamatay ni Crassus sa isang digmaan, tuluyan nang nabuwag ang Triumvirate. Naging mortal na magkaaway si Julius Caesar at Pompey. Pumunta si Julius Caesar sa Gresya kung saan tinalo niya si Pompey. Tumakas si Pompey patungong Ehipto ngunit napaslang naman siya ng Hari ng Ehipto na galit sa mga Romano. Kasabay nito kinilala ni Caesar ang kapatid ng hari na si ***Cleopatra*** na noon ay namumuno sa Ehipto, bilang kaibigan ng Roma.

Pagbalik ni Caesar sa Roma, itinanghal siya bilang pinakdakilang bayani ng Roma at namuno sa pamahalaan. Nakuha niya ang titulo bilang hari at *consul* nang sabay. Maraming pagbabago ang kanyang ipinatupad. Inayos niya ang pamahalaan at binabaan niya ang buwis. Upang matulungan ang mga mahihirap sa Roma, pinadala niya ang 100,000 sundalo at iba pang mga tao sa mga lupaing kanilang nasakop at doon sila ay binigyan ng lupaing sakahan. Nagbigay siya ng pagkamamamayan sa mas maraming tao sa labas ng italya. Nagpalabas din siya ng bagong kalindaryo na pinangalanan sa kanya: ang ***Julian Calendar.*** Pagsapit ng 44 BC ganap na siyang diktador na panghabambuhay, ngunit naging dahilan ito upang mangamba ang mga mayayaman. Natakot sila na kung magiging Hari si Caesar, mawawala na ang senado, at mawawasak nang tuluyan ang Republika. Kaya isang pangkat na binubuo nina ***Marcus Brutus*** at ***Gaius Cassius*** ang nagplanong paslangin si Caesar. Sinaksak nila si Julius Caesar sa Senado noong ***Ides of March*** (Marso 15) 44 BC.( Sa Julian Calendar ang *Ides* ay petsa kung saan ito ay kalagitnaan ng bawat buwan na sumasabay sa pagbilog ng buwan).

**Ang Pagwawakas ng Republika**

Sa pagkamatay ni Julius Caesar, nagkaroon ng panibagong tunggalian sa kapangyarihan sa pumumuno ng Roma. Ang ikalawang Triumvirate ay nabuo ng mga taga suporta niya, na sina ***Octavian,*** isang malapit na kamag-anak ni Caesar***, Marc Anthony,*** isang heneral na kaalyado ni Caesar, at si ***Lepidus*** isang pangunahing pinuno ni Caesar. Ipinaghiganti nila ang naging kamatayan ni Caesar. Hinati nila ang mga lupain ng Roma sa kani-kanilang pangangasiwa. Kinuha ni Ocatavian ang kanluran, samantalang ang silangan ay kay Marc Anthony, at si Lepidus naman ang namuno sa hilagang Aprika. Silang tatlo naman ang namuno sa Italya. Tulad ng inaasahan, nagtalu-talo rin ang tatlong pinuno. Pinilit ni Octavian na umalis sa tungkulin si Lepidus upang siya na ang maghari sa Italya at hilagang Aprika. Samantala patuloy na namuno sa Silangan Si Marc Anthony. Namuno din siya sa Ehipto kasama ang reyna nitong si Cleopatra. Di ito nagustuhan ni Octavian kayat noong 31 BC sa isang bahagi ng karagatan naganap ang labanan sa ***Actium*** sa may kanlurang bahagi ng Gresya at tinalo niya ang magkasanib ng puwersa nina Cleopatra at Marc Anthony. Si Octavian na lamang ang mag-isang namuno sa Roma at mga lupain nito. Upang hindi magpatuloy ang kaguluhan sa Republika, kinailangang magtatag si Octavian ng bagong pamahalaan upang mapanatili ang kaayusan. Dito nagwakas ang Republika sa Roma.



**.Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Paano sinikap bigyan ng kalutasan ng mga pinuno ng Roma ang krisis sa Republika? Ilagay sa talahanayan ang angkop na sagot.

| | **Mga Kasapi** | **Layunin** | **Sistema ng Pamumuno** | **Naging Bunga** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Proconsul | | | | |
| 2. Publician | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3. Mga Repormistang Tribune | | | | |
| 4. Unang Triumvirate | | | | |
| 5. Ikalawang Triumvirate | | | | |



**Tandaan Mo!**

- Habang patuloy na lumalaki at yumayaman ang Republikang Romano sumailalim naman ito sa mga suliraning panloob na nagdulot ng krisis sa pamunuan nito.
- Sina Tiberius at Gaius Gracchus ay ilan lamang sa mga repormistang nagpanukala ng reporma sa gitna ng krisis sa Republika.
- Ang krisis ay nagbigay daan sa pagtatamo ng kapangyarihan ng mga Heneral bilang pinuno ng pamahalaan tulad nina Marius at Sulla.
- Ang unang Triumvirate ay binuo nina Pompey, Crassus, at Julius Caesar.
- Ang ikalawang Triumvirate ay binuo naman nina Octavian, Marc Anthony, at Lepidus.
- Noong 31 BC itinanghal si Ocatvian bilang nag-iisang pinuno ng Republikang Romano.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Alin sa mga sumusunod ang may pinakamalaking impluwensya sa pagkawasak sa Imperyong Romano. Ibigay ang iyong katwiran.
   1) mahinang pamumuno
   2) lumalalang kondisyong pang-ekonomiya
   3) tunggalian ng mga iba't ibang uri ng tao sa lipunan


B. Sa iyong palagay maihahambing ba ang mga suliranin ng sinaunang Republikang Romano sa mga suliraning hinaharap ng ating bansa kasalukuyan? Alin sa tatlong nakatala sa (A) ang maipapalagay mong pinakamalaking suliranin ng Pilipinas sa kasalukuyan? Lahat ba nang iyang ay kinakaharap ng ating bansa sa ngayon? Ipaliwanag ang iyong opinyon.

**ARALIN 4**

**ANG PAMUMUHAY SA IMPERYONG ROMANO**



Paano pinamunuan ni Augustus Ceasar ang Imperyong Romano? Anong uri ng pamumuhay ang umiral noong panahon ng Imperyo? Sisikaping sagutin ng aralin ang mga tanong na iyan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Makikilala ang mga naging emperador sa Imperyong Romano;
2. Mailalarawan ang naging pamumulaklak ng sibilisasyong Romano; at
3. Maiisa-isa ang naging pamana ng Romano sa mundo.

.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang araling ito ay tungkol sa mga unang emperador ng Roma. May kilala ka bang emperador ng isang bansa sa kasalukuyan? Tukuyin at ilarawan ang kanyang tungkulin at katangian bilang emperador.

**Si Augustus Ceasar**

Sa pagkakaluklok ni Octavian sa kapangyarihan noong 31 BC, ninais niyang buhaying muli ang Republika. Ngunit dahil sa lawak ng nasasakupan nito at paglaganap ng korapsyon sa pamahalaan, naging imposible ang kanyang mithiin. Sa halip itinatag ni Octavian ang Imperyong Romano.

Bilang pinakaunang emperador ng Roma, sinarili ni Octavian ang kapangyarihan. Nakuha niya ang suporta ng senado dahilan sa kinuha niya itong tagapayo at hinayaang pamunuan nila ang ilang probinsiya ng Roma at pinahintulutan silang magkaroon ng sariling kabang yaman o (*treasury*). Ginamit niya ang titulong ***Augustus,*** na nangangahulugang ang dakila, at magmula noon kinilala siya bilang ***Augustus Caesar .***



**Augustus Caesar**

Si ***Augustus*** ay naging mabuti at malikhaing pinuno. Ginamit niya ang kanyang kapangyarihan upang magkaroon ng kaayusan at kabutihan sa Roma at sa mga probinsiya nito sa buong panahon ng kanyang pamumuno. Ang reporma sa sandatahang lakas ang inuna niya. Kinuha ni Augustus ang pamumuno sa sandatahang lakas at binigyan niya ang mga sundalo ng malalaking bonus at lupain. Upang mapalawak ang pagkakaisa sa imperyo, ginawa niyang sentro ng pamahalaan ang Roma. Isinulong din niya na ibalik ang mga ipinagmamalaking ugali ng mga Romano saya ng pagmamahal sa bayan, pagkakabigkis-bigkis ng pamilya, kasipagan, disiplina, at simpleng pamumuhay.

**Ang mga Emperador na Julian**

Namatay si Augustus noong 14 na taon sa panahon ni Kristo (AD). Sa sumunod na 54 na taon, ang imperyo ay pinamunuan ng mga emperador na Julian o emperador mula sa pamilya ni Julius Caesar.

Mula AD 14 hanggang 37, si Tiberius, ampon ni Augustus, ang itinanghal na emperador. Ipinagpatuloy niya ang mga patakaran ni Augustus Caesar. Samantala hindi ganito ang ginawa ni ***Caligula*** ang sumusunod kay Tiberius. Bukod sa isa siyang malupit na pinuno maraming nagsasabi na siya ay baliw sapagkat hinirang niyang consul ang kanyang mga alagang kabayo. Pagkalipas ng apat na taon, pinatay siya ng mga sarili niyang sundalo sa kanyang palasyo. Ang mga sundalo ang pumili ng bagong emperador sa katauhan ni Claudius, tiyuhin ni Caligula. Tanyag na emperador si Claudius. Sa panahon ng kanyang pamumuno (AD 41-54), naglunsad siya ng ekspedisyon at naging bahagi ng imperyo ang Britanya. Pagkamatay niya noong 54 AD ang ampon niyang si Nero, ang humalili sa kanya. Di tulad ni Claudius, si Nero ay malupit at sinisabing baliw din. Hinihinala niya na lahat ng tao ay gusto siyang patayin maski na ang asawa niya at ina kayat ipinapatay niya ang mga ito pati na ang kanyang mga senador. Noong AD 64, nagkaroon ng malaking sunog sa Roma at siya ang pinaghinalaang gumawa nito. Pagkalipas ng apat na taon, nag-alsa laban sa kanya ang mga sundalo na naging dahilan upang magpakamatay siya.

**Ang mga Mabubuting Emperador**

Sa sumunod na 30 taon, napasailalim ang imperyo sa kamay ng mga emperador na sinusuportahan ng military tulad ni Vespian. Sa 10 taon (AD 69-79) ng kanyang pamumuno, naibalik niya ang disiplina sa sandatahang lakas at napigil niya ang mga pag-aalsa sa Gaul at Judea.

Sa pagitan ng Ad 79-98, tatlo pang emperador ang sumunod kay Vespian. Dalawa dito ay mga anak niya, at ang ikatlo ay si ***Nerva*** na pinili ng senado, bilang kapalit niya. Inampon ni Nerva si ***Trajan*** isang kilalang Kastilang heneral, na naging tanyag dahilan sa kanyang mga naipanalong digmaan sa gitnang Silangan.

Noong AD 117, si ***Hadrian*** na pinsan ni Trajan ang naging emperador. Para sa kanya, pinakamahalaga ang pagkakaroon ng mabuting pamahalaan kung kayat sinimulan niya ang sistema ng promosyon sa pamahalaan. Pinalakas rin niya ang mga pamahalaang lokal.

Ang pinakahuli sa mabubuting emperador ay si ***Marcus Aurelius,*** na naglingkod mula AD 161-180. Siya ay matalinong tao at sumusunod sa pilosopiyang Stoicismo. Isinulat niya ang aklat na Meditation na naglalarawan ng pilosopiyang ito. Naging maunlad ang kanyang panunungkulan at lumaganap ang negosyo at kalakalan na nakarating hanggang India at Tsina. Sa pagkamatay ni Marcus Aurelius noong AD 180, natapos nang tuluyan ang mapayapang panahon sa Roma.

**Ang Lipunang Romano sa Panahon ng Imperyo**

Ang panahon ng kapayapaan na naranasan ng Roma mula 27 BC hanggang Ad 180 ay tinawa na ***Pax Romana*** o kapayapaang Romano. Sa panahon ng Pax Romana, ang Roma ay naging tahanan ng humigit kumulang isang milyong tao at naging sentro ng sibilisasyong kanluranin. Ang panahong ito ay di lamang panahon ng kapayapaan, panahon din ito ng kaunlaran para sa mga mamamayan. Bumuti ang mga daanan, naiayos ang mga daungan at ilan pang mga pangunahing daanan ng kalakalan, at naging masigla ang kabuhayan at kultura ng Roma.

### *Pangkat ng mga Mamamayan*

Nagkaroong ng iba't ibang bahagdan ng mga mamamayan sa panahong ito, Ang mga ***maykaya*** tulad ng mga may-ari ng lupa, mangangalakal, doktor, abogado at iba pang naglilingkod sa pamahalaan ang may pinakamabuting pamumuhay. Ang mga ***mahihirap*** naman ay umaasa lamang sa pagkain na rasyon ng pamahalaan, nasa mga lungsod at walang trabaho. Ang mga ***magsasaka*** ang may pinakamalaking populasyon. Mahabang oras silang nagtatrabaho upang makapagbigay ng murang pagkain para sa mga mamamayan. At ang mga ***alipin*** ay karaniwang mga Italyanong magsasaka na nawalan ng kalayaan dahil sa hindi nakapagbayad ng utang.

### *Uri ng Libangan*

Ang mga Romano, mayayaman o mahihirap man ay mahilig sa mga labanang marahas at nakakamatay bilang libangan. Ang mga malalawak na arena ay lugar para sa mga libangang ito. Ang ***circus maximus*** ang pinakamatandang arena sa Roma ay may upuan para sa 300,000 na katao samantalang ang ***Coloseum*** na mas maliit ay kaya namang maglaman ng 50,000 katao. Ang pinakapopular na libangan ay mga *Circus Festival*, *Chariot Racing* at labanan ng mga ***gladiators*** o mga alipin at naparusahang kriminal. Ang mga *gladiator* ay inilalaban sa iba pang *gladiator*, kung minsan naman ay sa mabangis na hayop. Karamihan sa mga hayop na ginagamit dito ay inaangkat pa ng Roma sa Aprika.

### *Ang Pamilya*

Ang pamilya ang puso ng lipunang Romano. Karaniwan nang malalaki at sama-sama sila sa iisang bubong: mga anak na wala pang asawa, mga anak na lalaking may asawa na at ang pamilya nito, mga umaasang kamag-anak at mga katulong sa bahay na karaniwang mga alipin.

Ang ama ang pinuno ng lahat ng pamilyang Romano. Siya ang may responsibilidad sa pangangalaga ng kapakanan ng buong pamilya. Siya rin ang nagunguna sa mga ritwal ng pagsamba, nangangasiwa ng mga ari-arian, at nagpapaaral sa mga anak na lalaki.

Mas may kalayaan ang kababaihang Romano kaysa sa mga Griyego. Kung noong unang panahon, ang mga ama ang nag-aayos ng kanilang pag-aasawa pagsapit nila sa edad ng 12-13, sa panahon ng imperyo, hindi na ito ipinatupad. Ang kababaihan ay maaari ring magmay-ari ng ari-arian at ibenta ito, kapag sila ay nakipagdiborsyo. Maaari na rin silang makipagnegosyo at lumagda ng kasulatan kahit di sang-ayon ang kanilang asawa. May karapatan din silang mag-aral kung kayat ang ibang may kaya ay nagkakaroon ng impluwensya maging sa pulitika. Halimbawa, ang aktibo at agresibong asawa ni Augustus na si ***Livia*** ay nakatulong sa kanyang pamamahala at maging sa pamumuno ng anak nilang si ***Tiberius.*** Gayunpaman, nanatiling di nakakaboto ang mga kababaihan at wala silang karapatan upang mangasiwa sa mga pampublikong tanggapan.

Karamihan sa mga ugali at mabubuting asal ay itinuro ng mga magulang sa bahay. Ang mga babae ay tinuruan ng literaturang Romano at Griyego, maging ng musika at pagsasayaw. Samantala, mas pormal ang edukasyon para sa mga lalaki lalo na noong panahon ng Republika. Tinuruan sila ng pagbasa at matematika. Ang may mas edad na batang lalake ay nag-aral ng musika, geometry, literatura, at ***oratoryo*** o ang pagsasalita sa publiko. Tulad sa Gresya, ang pagsasalita sa harap ng publiko at pakikipagdebate ay pangunahing kakayahan na kakailanganin sa buhay pulitikal ng mga kalalakihang Romano.

**Mga Natatanging Kontribusyon ng Imperyong Romano**

Matapos masakop ng Roma ang Silangang Meditteranean noong ikalawang siglo, naragdagan ang kulturang Romano ng kulturang Griyego. Dinala ng mga Romanong heneral ang ilang mga aklat at gawaing sining mula sa Gresya patungong Roma. Ilang griyegong guro, manunula, at pilosopo ang nagtungo at nagtrabaho sa Roma, samantala ang ibang Romano naman ay ipinadala sa Athens ng kanilang mga

magulang upang mag-aral. Nagsanib nang husto ang mga kulturang Griyego at Romano at nabuo ang tinatawag na ***kulturang Greco- Romano***.

***Mga Batas***

Ang sistema ng hustisya at pagbabatas ang pinakamalaking naging kontribusyon ng mga Romano sa kanluraning sibilisasyon. Ang mga batas ng ilang pangunahing bansa sa kasalukuyan tulad ng Italya, Espanya, Pransiya at Latin Amerika ay hinango sa Batas ng Romano. Naniniwala ang mga Romano na ang batas ay dapat na hinango batay sa prinsipyo ng katwiran at hustisya at dapat na mangalaga sa mga mamamayan at sa kanilang ari-arian.

Ang ***Batas ng mga Nasyon*** (*Law of Nations*) ay isang sangay ng Batas ng Romano na ipinairal sa lahat ng probinsiya ng imperyo. Sa ilalim ng batas na ito, walang Briton, Kastila, Italyano o Griyego, bagkus lahat sila ay itinuring na Romano. Ang batas ay para sa lahat maging ano man ang nasyonalidad. Ito ang pangunahing kontribusyon sa sibilisasyon ng Imperyong Romano.

***Literatura***

Ang ilan pang kontribusyon ng sibilisasyong Romano ay sa larangan ng literatura. Sa panahon ni Augustus, namulaklak ang Greco-Romanong literatura. Sa hiling na rin ng ni Augustus, isinulat ni ***Virgil*** ang epikong patula na ***Aeneid*** na siya niyang obra maestra. Hango ito sa kwento ni ***Aeneas*** sinasabing nagtatag ng Roma. Isa pang historyador si ***Livy*** ang nagsulat tungkol kay Aenas sa aklat niyang ***Kasaysayan ng Roma***. Si ***Horace*** na kaibigan nina Virgil at Augustus ay sumulat naman tungkol sa pagiging sakim ng tao na nagiging sanhi ng tunggalian. Tinuligsa rin niya ang masaganang pamumuhay ng ilang mayayaman at pinayuhan ang mga itong mamuhay ng simple at naaayon lamang sa kinakailangan. Samantala si ***Ovid*** ang manunulat na nagbigay diin sa Romansa, yaman at masarap na pamumuhay ng mga mayayaman.

Sa panahon ng Pax Romana, korapsyon at kasakiman naman ang tema ng mga akda nina ***Martial*** at ***Juvenal***. Sa aklat naming ***Historics,*** ang pagiging malupit ng mga emperador at bisyo ng mga mayayaman ang tema ni ***Tacitus.***



**Virgil**

***Agham***


Dalawa sa mga natatanging siyentipiko sa panahon ng kulturang Greco-Romano ay sina Galen at Ptolemy. Pareho silang nabuhay noong ikalawang siglo AD.

Si ***Galen*** ay isang Griyego, ngunit ang mga teorya niya ay hango sa medisinang Romano. Upang mapag-aralan ang katawan ng mga tao, pinag-aralan at sinuri niya ang katawan ng mga hayop. Bagamat hindi naging perpekto ang kaniyang mga nakita, naging basehan ito ng mga makabagong kaalaman sa medisina sa kanluran.

Si ***Ptolemy*** ay isang mahusay na matematisyan, heograper at astronomer na nagtrabaho sa Alexandria, Ehipto noong AD 150. Ang aklat niyang ***Algamest*** na may 13 volume ay buod ng sinaunang kaalaman ng tao tungkol sa astronomiya at heograpiya. Maraming naging katanungan si Ptolemy sa mga batayan ng mga astronomo upang mahulaan ang kilos nang mga planeta ng mas may katiyakan.

***Arkitektura***

Mahuhusay na inhinyero ng mga Romano. Ang mga lungsod, patubig, mga tulay at *aqueduct* (istruktura na nagdadala ng tubig sa malalayong lugar), ay kamangha-manghang nagawa. Ang *Appian Way,* ang kauna-unahang daanan ng nag-ugnay sa Roma at Timog Silangang Italya, ay ginawa noong 300 BC. Naitayo din ang mga gusaling pampubliko, templo, palasyo, arena, at mga pulungang pang-asembliya na tinatawag na *basilica*. Karamihan sa mga gusaling ito ay ginawa para sa mga gawaing pampulitika ngunit may iba din na ginawa para sa mga gawaing panrelihiyon.



**Basiica ng Maxentius**



**Colosseum**



***Arch of Constantine***



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kilalanin Greco-Romano sa iba't ibang larangan. Itala sa talahanayan ang iyong mga sagot.

| Mga Nakilalang Romano sa Panahon ng Imperyo | Kontribusyon sa Daigdig |
|---|---|
| 1. Augustus Caesar | |
| 2. Emperador Cluadius | |
| 3. Vespian | |
| 4. Hadrian | |
| 5. Marcus Aurelius | |
| 6. Virgil | |
| 7. Livy | |
| 8. Galen | |
| 9. Ptolemy | |
| 10. Mga Inhenyerong Romano | |



**Tandaan Mo!**

- Ang pagpapalawak ng Imperyong Romano ay nagresulta sa mga suliraning panlipunan pulitikal at pangkabuhayan.
- Ang mga suliraning ito ay nagbigay daan sa panahon ng mga emperador.
- Ang panahon ni Augustus ay naging simula ng Pax Romana mula 27 BC hanggang AD 180 ang Roma ay nakaranas ng kapayapaan, kaayusan at kasaganaan.
- Ang pananakop ng Roma sa Gresya ay nagbunga ng malawakang impluwensya sa kulturang Romano o ang naging resulta ng Kulturang Greco-Romano o ang pinagsanib na galling ng Griyego at Romano.



**Gawain 3: Paglalapat**

May mga libangan pa ba ngayon na katulad ng libangan ng mga Romano noon? Anu-ano ang mga ito? Ano ang layunin ng mga libangang ito noon? Ano naman ang layunin ng mga ito ngayon?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________


**ARALIN 5**

**ANG PAGBAGSAK NG IMPERYONG ROMANO AT ANG PAGLAGANAP NG BAGONG RELIHIYON**



Sa loob ng halos dalawandaang taon na ang Roma ay nasa panahon ng Pax Romana, ito ay nakaranas ng kapayapaan, katiwasayan, at kasaganaan. Nagpatuloy ang pamumuhay na nagbigay-daan upang tuluyang mamulaklak ang kulturang Greco-Romano sa maraming lugar sa Italya.

Ngunit ang lahat ay hindi nanatili nang maayos. Dumating ang krisis na mabilis na nagpahina sa imperyo. Ang sunud-sunod na pananakop ng mga iba't ibang tribo at mga panloob na alitan ay nakaantala sa daloy ng kalakalan at nakapagpahirap sa pamumuhay ng mga mamamayan. May mga emperador na nagsumikap na pigilan ang krisis ngunit pagdating ng ika-5 siglo ganap nang nasugpo ng mga tribong Aleman ang paglawak ng imperyo. Hinati ang imperyo sa dalawa at nawala ang kapangyarihan sa Roma. Kasabay nito, ang Kristiyanismo ay nagsimula namang lumaganap sa Roma. Tulad ng pagbagsak ng imperyo, ang paglaganap ng bagong relihiyon ay nagdulot ng napakalaking pagbabago sa pamumuhay ng mga Romano.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga naging dahilan ng krisis sa imperyo na nagpahina dito;
2. Masusuri ang mga naging reaksyon ng mga emperador upang lutasin ang krisis;
3. Maipaliliwanag ang tunay na dahilan ng pagbagsak ng imperyo; at
4. Matatalakay ang paglaganap ng Kristiyanismo at ang naging epekto nito sa mga Romano.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Magtala ng ilang pangunahing suliranin ng isang pamahalaan. Katulad kaya ang mga iyan ng naging suliranin ng pamahalaan ng sinaunang Imperyong Romano?

1. ____________________________________________
   ____________________________________________
2. ____________________________________________
   ____________________________________________
3. ____________________________________________
   ____________________________________________
4. ____________________________________________
   ____________________________________________
5. ____________________________________________
   ____________________________________________

**Ang Krisis sa Imperyo**

Pagdating ng ika-3 siglo AD, nakaranas ng matinding krisis ang imperyong Romano. Ang kawalan ng mahusay na pinuno ang naging dahilan lumaganap nang mabilis ang krisis sa kabuuan ng Italya.

Tuluyang nawala ang katapatan ng hukbong sandatahan sa emperador ng Roma. Bagkus naging tapat sila sa mga kumander nila sa military. Nawala ang disiplina sa sandatahang lakas, nangibabaw na lamang ang kanilang pagnanais na mapatalsik ang sino mang mnmumuno. Nagpalit-palit ng emperador na halos lahat ay pinatay ng kanilang mga katunggali.

Dahilan sa labanan ng iba't ibang heneral at ng kanila-kanilang hukbo, napabayaan ang depensa sa mga hangganan ng imperyo. Ito ang naging dahilan kung bakit naging madali para sa tribung Aleman, na nanggaling sa hilagang bahagi ng Europa ang makadaan sa Ilog Rhine at Danube. Di naglaon, nasakop ng mga Aleman

ang Italya, Gresya at Espanya at maging ang ilang bayan sa Asya Minor. Ang mga Persiano naman ay nakipanakop din ang ilang lupain ng Romano sa Silangan. May ilan din sa Gaul na nagnais na tuluyan nang humiwalay sa imperyong Romano. Sa gitna ng pananakop na ito ng mga tribung Aleman at ang walang tigil na digmaang sibil, tuluyan nang bumagsak ang ekonomiya ng imperyo. Naabala ang produksyon at kalakalan ng mga pangunahing produkto. Ang paglaki ng bayad sa mga buwis ay labis na tinutulan ng mga mamamayan. Karamihan sa mga taga-lungsod ay lumipat sa mga lalawigan at nayon.

**Si Diocletian at si Constantine**



**Constantine**

May mga emperador na nagsumikap na pigilan ang lumalalang krisis sa imperyo. Kabilang na dito sina ***Diocletian*** na inihalal ng mga hukbong sandatahan noong AD 284. Sumunod sa kanya si ***Constantine*** noong AD 306-337. Ngunit ang maraming pagbabagong ginawa ang mga emperador na ito ay sinang-ayunan ng mga mamamayan. Ilan sa mga pagbabagong ito ay ang pagpilit sa mga magsasaka na manatili sa kani-kanilang lupang sakahan. Sa pagnanais na masuportahan ang pangunahing pangangailangan ng sandatahan at ng imperyo tinaasan ni Diocletian ang buwis. Ang mahirap na pamumuhay ng mga taga-lungsod ay lalo pang naging mahirap.

Sa kagustuhan ni Diocletian na maging madali ang pamumuno sa imperyo, hinati niya ito sa dalawa. Nagtalaga ng isang heneral upang makatulong niya sa pangangasiwa ng kanlurang bahagi. Inilipat din niya ang pamunuan sa Asya Minor at namuno sila doon kung kayat hindi na ang Roma ang naging sentro ng imperyo. Ang paghahati ng imperyo ay lalong nagpalaki at nagpalala sa krisis na nagaganap. Nagpatuloy ang alitan sa pagitan ng mga namumuno. Pagsapit ng 330 AD, ginawa ni Constantine na kabisera ng imperyo ang Constantinople, kung saan natatanaw ang katubigang nag-uugnay sa Europa at Asya. Tuluyan nang tinanggap ang pagiging hati ng imperyo. Ang paglilipat sa silangan ng kapangyarihan ay maraming ibinunga. Ang kabuhayan ng imperyo sa kanluran ay bumagsak at dahil hindi na sila makakuha ng tulong pinansyal mula sa mga mayayaman sa silangan, naging malaking suliranin ang panggastos ng hukbong sandatahan na nangangalaga laban sa paglusob ng mga tribong Aleman. Kung tutuusin, ang mga pagbabagong pinairal nina Diocletian at Constantine ay nagbigay ng kaayusan sa imperyo ngunit di nito tuluyang napigil ang pagbagsak ng imperyo.

**Ang Pananakop ng mga Visogoth**

Maraming dahilan kung bakit ninais ng mga Aleman na masakop ang Roma at ang kabuuan ng Italya. Sinasabing nais manirahan ng mga Aleman sa lugar na mas mainit ang klima at may lupaing angkop sa kanilang paghahayupan. Ang iba naman ay gustong makibahagi sa yaman ng Roma.

Noong AD 370, ang kapatagang Danube ay nasakop ng mga ***Hun,*** isang malupit na pangkat ng mga taong lagalag mula sa gitnang Asya. Sa takot sa mga Hun, isang tribung Aleman na nakilalang ***Visigoth*** (Kanlurang Goths) ang humingi ng tulong sa Imperyong Romano. Bagamat nag-aalala pinaraan ng mga Romano ang mga ito sa Ilog Danube na ngayon ay ***Romania.*** Paglipas ng dalawang taon, napalaban na ang mga Romano sa Visigoth. Sa ***Labanan sa Adrianople***, libu-libong sundalong Romano ang napatay ng mga Visigoth. Ito na siguro ang pinakamadugong pakikidigma ng mga Romano mula noong panahon ni Hannibal. Ang pangyayaring ito ay nagpatunay na di na kayang ipaglaban ng mga Romano ang kanilang lupain.

Dahilan sa patuloy na pakikipaglaban, napabayaan ng mga sundalong Romano ang pagbabantay sa hangganan ng Italya kung kayat mas maraming tribung Aleman ang nakarating sa imperyo. Isang pinunong Visigoth, si Alaric, ang humingi ng lupain sa Italya at kapangyarihang pamunuan ang sandatahang lakas ng Roma. Nang ito ay di napagbigyan, nilusob at ninakawan ng pangkat nito ang Roma noong 410. Upang makipag-ayos, pinayagan ng Roma na magtayo ng kaharian si Alaric at ang mga Visigoth sa Espanya at Gaul.

**Ang Pananakop ng mga Hun**

Isa pang pangkat na nagdulot ng panganib sa imperyo ng Roma ay ang mga ***Hun*** na nagmula sa Gitnang Asya. Sa pamumuno ng kanilang hari na si ***Attila***, nasakop nila ang mga lupain mula sa may Dagat Itim hanggang sa Ilog Rhines. Noong 451 nilusob nina Attila ang Gaul. Nagsanib pwersa ang mga tribong Aleman at ilang naturang sundalong Romano upang talunin ang hukbo ni Attila. Pagkatapos ng isang taon, nasakop naman ng mga Hun ang hilagang Italya subalit lumaganap ang gutom at karamdaman kung kayat napilitan silang umatras. Sa pagkamatay ni Attila noong 453, natapos ang panganib na dulot ng mga Hun, ngunit nagpatuloy pa rin ang pananakop ng mga tribung Aleman.



**Attila**

**Ang Paghina at Tuluyang Pagbagsak ng Imperyo**

Pagsapit ng 455 AD, muling ninakawan ang Roma ng isa pang tribong Aleman, ang mga ***Vandal*** na may kaharian naman sa Hilagang Aprika. Mas marami ang ninakaw na yaman ng mga Vandal sa Roma kaysa sa ninakaw ng mga Visigoth. Kinuha ng mga Romano ang serbisyo ng maraming sundalong Aleman upang makilaban sa ilan pang paglusob ng mga Vandal. Noong AD 476, ilan sa mga pinunong Aleman ang nag-alsa laban sa kanilang mga Romanong kumander at pinatalsik sa kapangyarihan ang emperador sa kanluran. Hinirang nila si ***Odoacer***, isang Aleman, bilang bagong hari ng Italya. Dahilan sa si Odoacer ay isang Aleman, na naging kapalit ng isang taal na pinunong Romano, ang pangyayaring ito ay tinatawag na pagwawakas ng Imperyong Romano sa kanluran.

Nagpatuloy ang ilang tradisyon at kulturang Romano sa kanlurang Imperyo, ngnit ito ay pinamunuan na na mga haring Aleman. Noong 493, napatay si Odoacer ni ***Theodoric,*** isang haring Ostrogoth (*East Goth*). Naibalik ni Theodoric ang kapayapaan at kasaganaan sa Italya. Nanungkulan siya hanggang 526 AD at nakuha niya ang suporta ng Imperyong Romano sa Silangan, na di kasamang bumagsak ng imperyo sa kanluran. Ang imperyong Romano sa silangan ay kinilala sa kasaysayan bilang ***Imperyong Byzantine***.

Ang tuluyang pagbagsak ng imperyong Romano ay hindi biglaan, ito ay unti-unting naganap. Maraming debate na ang isinagawa tungkol sa tunay na dahilan nito. Marahil ang pananakop ay isang dahilan ngunit mas maraming panloob na kadahilanan na lubhang nagpahina sa imperyo tulad ng:

a. paghina ng sandatahang lakas ng Roma;
b. pagliit ng populasyon (mula 70 M noong panahon ng Pax Romana ay naging 50 M na lamang noong ika-4 na siglo);
c. mapaniil na pamahalaan;
d. paghihirap sa mga lungsod at mga lupang sakahan;
e. di-umuunlad na ekonomiya; at
f. kawalan ng kompiyansa ng mga mamamayan sa pamahalaan at sa pamunuan nito.

**Ang Paglaganap ng Bagong Relihiyon**

Bago pa man humina ang imperyong Romano, marami sa mga Romano ang nagbago sa kanilang paganong paniniwala. Sila ay nahikayat ng mga aral ni ***Hesus*** na pinagsimulan ng relihiyong Kristiyanismo. Pagbagsak ng imperyo, ang ***Kristiyanismo*** na ang pinaniwalaang relihiyon ng mga Romano.

Sa panahon nina Augustus at Tiberius, nabuhay at kinilala si ***Hesus ng Nazareth.*** Ang mga aral ni Hesus ay karaniwang nasa parabula o mga maikling kwento na may aral. Ang katanyagan ni Hesus ay nakarating hanggang Palestina at maraming naniwala na siya ang mesiyas. Ngunit ito ay nagdulot ng ligalig sa mga pinuno ng mga Hudyo at sa mga pinunong Romano. Naniwala ang mga Romano na kahit na sinong nagdudulot ng ligalig sa publiko ay isang malaking banta sa kanilang kapangyarihan. Pagsapit ng AD 30 si Hesus ay ipinako sa krus sa labas ng Herusalem.



***The Last Supper***

Pagkamatay ni Hesus, ang mga disipulo niya ay nagpahayag ng kaniyang muling pagkabuhay at nagsimulang magpahayag tungkol sa kanya bilang ***Anak ng Diyos*** at ang tunay na daan sa ***kaluwalhatian***. Ang mga mensaheng ito ay tinanggap ng mga Hudyo at di Hudyo sa mga Helenikong lungsod. Ang mga taong ito ay kinilala bilang mga Kristiyano, buhat sa salitang Kristo at nagtayo ng mga samahang tinatawag na simbahan para sa kanilang pananampalataya, pagkakapatiran, at pag-aaral.

Ang mga disipulo ang nagpalaganap din ng relihiyon sa mga lupain ng mga Romano. Ito ay pinamunuan ni Peter, na pinaniniwalaang nagtungo sa Roma at nagtatag ng simbahan doon. Marami pang simbahan ang itinatag sa Ehipto, Asya Minor, Gresya at nang lumaon ay sa Gaul at Espanya.

Para sa mga Kristiyano, iisa lamang ang Diyos na naglalang sa sangkatauhan at dapat sampalatayahan. Hindi nila kinikilala ang mga emperador bilang diyos o ang mga paganong diyos at diyosa. Hindi sila sang-ayon sa sandatahan, at hayagan din nilang tinutuligsa ang mga pagdiriwang at palarong Romano. Hindi ito nagustuhan ng mga Romano. Pagsapit ng CE 64 isang sunog ang naganap sa Roma na isinisi ni ***Emperador Nero*** sa mga Kristiyano. Sa kanya unang nagsimula ang ***pag-uusig ng mga Kristiyano (persecution)*** bagamat di lubos na lumaganap ang mga Kristiyano ay inalisan ng ari-arian, ikinulong, pinatay o pinakain sa mga mababangis na hayop. Lahat ng ito ay nabigong pigilan ang lumalaganap na relihiyon. Ang kabayanihang ipinakita ng mga taong handang mamatay alang-alang sa pananampalataya ay lubos na nakahikayat sa maraming Romano upang maging Kristiyano na rin.

Ang mga pananakop at ligalig noong ika-3 siglo CE ay nagpalago pang lalo sa Kristiyanismo. Ang pag-uusig ay nagwakas at ang Kristiyanismo ay naging isa sa mga pangunahing relihiyon ng Imperyo. Noong CE 312. Si Constantine, isang Romanong emperador, ay nagbagong loob at naging kauna-unahang ***Kristiyanong Emperador.*** Ayon sa alamat, upang maibalik ang kadakilaan ng Roma, sinuportahan niya ang Kristiyanismo. Sinasabing noong isang labanan, nakakita siya ng krus na nagliliyab sa apoy na nasa kalangitan at may mga salitang Latin na nakasulat , “in Hoc Signo Vinces” ( o sa palatandaang ito ikaw ay makakapanakop) sa ilalim nito. Noong manalo siya sa labanan naniwala siya na ito ay dahilan sa Diyos ng mga Kristiyano. Noong AD 313 inilabas niya ang ***Edict of Milan*** na nagbigay ng kalayaan sa relihiyon at ginawang legal ang Kristiyanismo. Ito ang naging simula ng paglaganap ng Kristiyanismo.

Nagkaroon ng mga simbahan sa Roma at Jerusalem, nagpatayo siya ng mga simbahan na katulad ng mga Basilika sa Roma na may parihabang bulwagan at mahahabang daanan sa tabi. Noong 380 Ad ipinahayag ni ***Emperador Theodosius*** na illegal ang pagsamba sa mga diyos-diyosan at ginawang opisyal na relihiyon ng Imperyo ang Kristiyanismo.


Alam ng mga Kristiyano na ang malinaw na mga aral at maayos na pamunuan ay napakahalaga kung kaya't binigyang diin nila ang mga ito na siya ring sinasabing dahilan kung bakit naalis nila ang sistema ng pag-uusig at nalutas ang iba pang suliraning panloob.

Maraming aklat ang naisulat na labis na nakaimpluwensya sa mga Kristiyanong mag-aaral. Ipinapaliwanag sa mga aklat na ito ang turo ng Kristiyanismo at ito ay sinusulat ng mga iskolar na kinilala bilang Ama ng Simbahan. Isa na rito ay si ***Augustine*** (354-330). Isinilang sa Hilagang Aprika at nag-aral ng literaturang Latin at pilosopiyang Griyego sa Carthage bago siya naging Kristiyano. Ang aklat niyang ***City of God*** ang kauna-unahang aklat sa kasaysayan ng sangkatauhan sa pananaw ng mga Kristiyano. Ang tala ng kanyang buhay at pagbabagong loob niya bilang Kristiyano ay nasa ***Confession,*** isa sa pinakadakilang aklat ng mga talambuhay.



***ST. AUGUSTINE***

Ang mga ideya nina St. Paul at St. Augustine ay nakatulong ng lubos upang lumaganap ang Kristiyanismo. Ganun din naman ang marubdob na pananampalataya ng mga Kristiyano. Sa loob lamang ng tatlong siglo, ang Kristiyanismo na ang relihiyon sa kabuuan ng lupain ng mga Romano.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ipaliwanag sa sarili mong pananalita ang mga tanong na sumusunod. Ibatay mo sa teksto ng aralin ang iyong mga kasagutan:

1. Anu-ano ang mga salik na nagpahina sa Imperyong Romano?
2. Bakit sinakop ng mga tribung Aleman ang teritoryo ng mga Romano? Paano nito naapektuhan ang imperyo?
3. Bakit sinuportahan ni Constantine ang Kristiyanismo?



**Tandaan Mo!**

- Noong AD 200 nanghina ang Imperyong Romano bunga ng iba't ibang suliraning panloob.
- Nagpahina rin sa Imperyo ang tangkang pananakop ng mga barbarong Visigoth, Hun at mga tribong Aleman sa iba't ibang panahon.
- Matapos mabigo ang lahat ng pagsisikap ng mga pinuno ng imperyo ay hinati ito sa dalawa noong AD 400, ang kanluran at ang silangang bahagi.
- Noong AD 400 nilusob ng mga tribung Aleman ang Imperyong Romano na ganap na nagpabagsak sa imperyo sa kanluran.
- Ang Kristiyanismo na hango sa buhay at turo ni Hesus ay lumaganap sa lupain ng mga Romano at naging opisyal na relihiyon ng imperyo.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ibigay ang iyong opinyon.

A. Ayon sa ibang historyador, ang paglaganap ng Kristiyanismo ay nakatulong sa pagbagsak ng Roma. Sumasang-ayon ka ba o hindi? Pangatwiranan base sa iyong natutuhan sa araling ito.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

B. Kung isa kang Emperador na Romano noong AD 200-500, ano kaya ang iyong gagawin upang mapigilan ang pagbagsak ng Imperyong Romano?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

A. Pagtapat-tapatin. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang

| I | II |
|---|---|
| ______ 1. Ang pinakaunang pangkat ng tao sa Italya | A. Attila |
| ______ 2. Mga karaniwang tao | B. Spartacus |
| ______ 3. Dakilang heneral na Carthaginian | C. Octavian |
| ______ 4. Namuno sa pag-aalsa ng mga alipin sa Roma noong 73 BC | D. Plebeians |
| ______ 5. Kinilala bilang Augustus Caesar | E. Theodosius |
| ______ 6. Pinakahuli sa mga mabubuting emperador ng Imperyong Romano | F. Etruscan |
| ______ 7. Matapang na heneral ng Hun na nagtangkang sumakop sa Roma | G. Gracchus |
| ______ 8. Hinirang niyang opisyal na relihiyon ng imperyo ang Kristiyanismo noong 380 AD | H. Latin |
| ______ 9. Nangggaling sa Asya Minor at nakaimpluwensya sa pamumuhay ng mga Romano | I. Hannibal |
| ______ 10. Nagpanukala ng reporma sa humihinang Republika ng Roma | J. Marcus Aurelius |

B. Ilarawan sa pamamagitan ng isang pangungusap ang mga sumusunod:

1. Republika: ____________________________________________________
2. Senado: ______________________________________________________
3. Twelve Tables: ________________________________________________
4. Carthage: _____________________________________________________
5. First Triumvirate: _____________________________________________
6. Pax Romana: ___________________________________________________

7. Constantinople: ________________________________________________

8. Labanan sa Adrianople: __________________________________________

9. Kristiyanismo: _________________________________________________

10. Iliad at odyssey : _______________________________________________